



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-13 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 05 MAYO 2008, IKA - 9.30 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Jocelyn G. Solabo	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Hernan C. Ererita	
Konsehal Bernabe S. Mortel	
Konsehal Napoleon M. Dimapilis	
Konsehal Larry V. Salazar	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Edren Y. Faderon

KAPASYAHAN BLG. 022
Taong 2008

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NI
G. ARSENIO MALAPIT JABONITALLA, NAGING KAGAWAD
NG BARANGAY PACLASAN, ROXAS, SILANGANG MINDORO

SAPAGKAT, si G. Arsenio Malapit Jabonitalla ay tunay na simbolo ng isang masipag at matapat na lingkod-bayan;

SAPAGKAT, sa kanyang paglilingkod bilang konsehal ng barangay sa loob ng mahabang panahon pinagsikapan niyang matugunan sa abot ng kanyang kakayahan ang mga tungkulin na sa kanya ay iniatang;

SAPAGKAT, sa pagganap sa kanyang tungkulin bilang miyembro ng Lupong Tagapamayapa mula noong taong 1997 hanggang 2002 ipinamalas niya ang dedikasyon at pagpapahalaga sa mga responsibilidad na sa kanya ay itinalaga upang lubos na mapabuti ang kalagayan ng kanyang mga kabarangay at lokal na pamahalaan na kanyang kinabibilangan,

SAPAGKAT, sa panahong inilagi niya sa daigdig, ipinakita niya ang pagsisikap na maging mapagmahal at responsableng ama ng pamilya;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sampu ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa mga nanghihiwalay ni Kgg. Arsenio M. Jabonitalla, naging kagawad ng Sangguniang Barangay at naging miyembro ng Lupong Tagapamunay ng Barangay Paclasan ng bayang ito


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Larry V. Salazar na sinang-ayunan ng lahat

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw na G. Arsenio M. Jabonitalla, naging kagawad ng Sangguniang Barangay ng Barangay Paclasan, Roxas, Silangang Mindoro ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa kanyang maybahay Gng. Rosela Jabonitalla at mga anak lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

PINAGTIBAY 05 MAYO 2008


PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Panguluwag Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JACKSON CINCO DY
Punong Bayan